DepEd Advisory No. 364, s. 2016
December 29, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGSULAT NG KORESPONDENSIYA OPISYAL,
ORTOGRAPIYANG PAMBANSA, AT MANWAL SA MASINOP
NA PAGSULAT NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, at Manwal sa Masinop na Pagsulat* mula Enero hanggang Disyembre 2017. Ito ay naaayon sa Batas Republika Blg. 7104 na nagtatakda na magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng kapuluan.

Ang layunin ng Seminar na buklurin ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tupdin ang tadhana ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 na pormal na nag-aatas sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Ang lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno ay hinihikayat na dumalo sa nasabing pagsasanay. Ang pagdalo ng mga kinatawan sa opisyal na oras ay nasa pagpapasiya ng tagapangulo ng ahensiya, alinsunod sa *Komisyon sa Serbisyo Sibil Memorandum Circular Blg. 43, s. 1993*.

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kina:

- Bb. Lourdes Z. Hinampas
- Bb. Pinky Jane S. Tenmatay
- Bb. Miriam P. Cabila
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
  San Miguel, Maynila 1005
  Telepono: (02) 708-6972
  Mobile Phone: 0929-876-5856; 0927-988-6472; 0942-989-2458
  Email: jinghinampas@gmail.com

mvec/Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal ng KWF
0951–Disyembre 23, 2016